- 1 Piliin ang **Menu > Messaging**.
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Mga service command**.

Naipadala

Ang iyong huling 20 mensahe ay awtomatikong naka-save sa Naipadala na folder.

Upang baguhin ang bilang ng mga naipadalang mensahe na awtomatikong naka-save

- 1 Piliin ang **Menu > Messaging**.
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Mga Setting > Iba pa**.
- 3 Ipasok ang bilang ng mga mensahe na nais mong awtomatikong mai-save.


Mga draft

Maaari mong tingnan, i-edit at ipadala ang mga mensahe na ginawa mo ngunit hindi mo pa naipadala sa **Mga Draft**.

Upang tingnan ang mensahe

- 1 Piliin ang **Menu > Messaging > Mga Draft**.
- 2 Piliin ang mensahe.

Upang ipadala ang mensahe

- 1 Piliin ang **Menu > Messaging > Mga Draft**.
- 2 Piliin ang mensahe.
- 3 I-tap ang field na **Para kay** at pumili ng pangalan ng contact mula sa **Mga Contact**.
- 4 I-tap ang **OK**.
- 5 Upang ipadala ang mensahe, piliin .

Ulat sa paghatid

Maaari mong gamitin **Ulat sa paghatid** upang mabantayan ang mga text at mensaheng multimedia.

- ! Ang mga ulat sa paghatid ay hindi kasama para sa mga text at mensaheng multimedia na ipinadala sa mga email address.

Upang tanggapin ang mga ulat sa paghatid para sa mga text

- 1 Piliin ang **Menu > Messaging**.
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Mga Setting > Text > Tanggapin ang ulat > Oo**.

Upang tumanggap ng mga ulat sa paghatid para sa mga multimedia message

- 1 Piliin ang **Menu > Messaging**.
- 2 Piliin **Opsiyon > Mga Setting > Mensaheng multimedia > Tanggapin ang mga ulat > Paghatid at read** o **Paghatid**.

Mga folder ko

Maaari mong tingnan ang mga mensahe na naka-save sa iyong sariling mga folder o gamitin ang mga template ng mensahe sa **Mga folder ko**.

Upang gumawa ng bagong folder

- 1 Piliin ang **Menu > Messaging > Mga folder ko**.
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Bagong folder**.
- 3 Ipasok ang pangalan ng folder.
- 4 I-tap ang **OK**.

Mga template

Upang tingnan ang template

- 1 Piliin ang **Menu > Messaging > Mga folder ko > Mga Template**.
- 2 Pumili ng template.

Upang ipadala ang template ng mensahe

- 1 Piliin ang **Menu > Messaging > Mga folder ko > Mga Template**.
- 2 I-tap ang template at piliin **Opsiyon > Ipadala**.

Upang gumawa ng template

- 1 Piliin ang **Menu > Messaging > Mga folder ko > Mga Template**.
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Bagong template**.
- 3 Ipasok ang text.
- 4 Upang mai-save ang template, piliin **Tapos na**.

Media


Gamit ang **Media** na aplikasyon maaari mong pamahalaan ang mga media file, tulad ng mga litrato, musika, iba pang mga audio track at mga video clip. Maaari mo ring pamahalaan ang mga litrato at mga video clip sa mga album sa web.

Ang pangunahing mga itinampok ng aplikasyon ay:


- **Litrato** – tingnan, i-edit, ipadala o i-blog ang iyong mga litrato at video clip.
 - **Tugtug** – pagsama-samahin at patugtugin ang iyong mga file ng musika o iba pang audio track.
 - **Video** – patugtugin at pangasiwaan ang iyong mga video clip.
- 💡 Maaari kang awtomatikong lumipat sa pagitan ng portrait na view at landscape na view kapag naka-on ang auto rotate. Tingnan *Mga setting ng sensor* sa pahina 79.
- ! Kung ang audio clip o video clip ay may sariling pamagat sa isang metadata na profile, naka-display ang pamagat na ito sa halipna ang file name.

Viewbar at touchbar



Maaari mong magamit ang viewbar at touchbar upang makapag-navigate sa iba't ibang mga pagtingin at pamamahala ng iyong mga media file.

- Viewbar – isang bar na lumalabas sa itaas ng screen (sa view ng portrait) pagkatapos kang pumili ng isang aplikasyon sa **Media**. Sa paggamit ng bar na ito, maaari kang mag-navigate sa play view, sa iba't ibang listahan ng mga pagtingin sa loob ng parehong aplikasyon, o sa main **Media** menu.
 - Touchbar – isang bar na lalabas sa ibaba ng screen (sa view ng portrait) kung saan maaari mong, halimbawa, markahan, i-edit at pamahalaan ang iyong mga media file, o bumalik sa nakaraang level. Upang matingnan ang higit pang mga pagpipilian, i-tap ang .
- 💡 Upang makakuha ng mga tip para sa isang icon sa mga bar, pindutin ng matagal ang icon.




Upang buksan Media

- Piliin ang **Menu > Media**.
 - I-tap  sa touchbar sa ibaba ng standby na screen.
- ! Maaaring kailanganin mo na buksan **Media** sa ibang paraan kung hindi mo ginagamit ang default na standby na tema.

Upang lumabas sa Media

- Pindutin  upang pumunta sa standby.
 - Kung ikaw ay nasa main **Media** menu, i-tap  sa touchbar.
- 💡 Kung pinaliit mo ang **Media** habang tumutugtog ang sound clip, ang clip ay patuloy sa pagtunog. Maaari mong kontrolin ang media player sa standby kapag gumagamit ka ng default na tema.

Upang mag-navigate sa Media

- Upang pumunta sa kasunod na antas, i-tap ang icon o pamagat.
- Upang bumalik sa naunang antas, i-tap  sa touchbar.
- Upang pumunta sa view ng play, i-tap  sa viewbar.
- Upang bumalik sa main **Media** menu, i-tap  sa viewbar.
- Kapag ang listahan o grid view ay hindi dini-display ang lahat ng mga bagay, i-flick pataas o pababa upang marami pang matingnan.

Upang pumunta sa view ng pagpapatugtog

- I-tap ang  sa tuktok ng screen.

Upang matingnan ang higit pang mga command sa touchbar

- I-tap ang  sa touchbar.

Pag-update ng mga media library

Ang iyong mga media library ay awtomatikong nag-a-update kapag ikaw ay:

- gumagamit ng **Media** na aplikasyon sa unang pagkakataon.
 - tapusin ang paglipat ng file ng media sa iyong telepono gamit ang USB cable.
 - idiskonekta ang USB cable upang lumabas sa Mass Storage na mode.
 - ipasok ang memory card sa iyong telepono.
 - pumili ng hindi balid na file.
- ! Kung ang nilalaman na naka-save sa memory card ay hindi pinalitan mula noong huling pag-update, ang proseso ng pag-update ay hindi magsisimula.

Upang manu-manong i-update ang mga media library

- I-tap ang  sa touchbar.

Upang itago ang update dialog box

- I-tap **Itago** sa update dialog box.



Upang isara ang update dialog box

- I-tap **Ikansela** sa update dialog box.

Mark mode

Maaari mong markahan ang ilang mga file at pamahalaan ang mga ito nang magkakasama.

Upang mamarkahan ang mga media file

- 1 Kapag nasa view ng listahan o grid ang mga file, i-tap ang  sa touchbar.
 - 2 I-tap ang mga file upang markahan ang mga ito.
 - 3 Upang lumabas sa mode sa pagmarka, i-tap ang .
- 💡 Maaari mong gamitin ang mga icon sa touchbar upang pamahalaan ang mga files na minarkahan mo:

Litrato

Gamit ang function na **Litrato**, maaari mong tingnan, ipadala at pamahalaan ang mga litrato sa iyong telepono at sa iyong memory card. Maaari mo ring i-edit at ayusin ang iyong litrato na iyong na-save sa mga online na album ng litrato. Ang mga opsyon sa pag-view ay:

- **Pinakabagong litrato** – ang pinakabagong kinuhanang mga litrato o mga video clip na naka-save sa iyong telepono o sa memory card. Ang pinakabagong kinuhanang litrato o video ay ipapakita bilang unang bagay.
- **Album ng kamera** – na mga litrato at video clip na kinuhanan gamit ang kamera, ay ipinapakita sa magkakasunod, ayon sa buwan.
- **Mga tag sa litrato** – na mga litratong iyong na-tag.
- **Mga album sa web** – na mga litrato at video clip sa mga online na album. Kailangan mong itama ang mga setting ng Internet upang gamitin ang function na ito.
- **Mga larawan** – unang na-load at na-download na mga litrato na walang EXIF (Exchangeable Image File) na impormasyon, hindi kinuhanan gamit ang kamera.

Viewbar ng litrato



Sa **Litrato**, ang viewbar ay lalabas sa itaas ng screen.



Bumalik sa main **Media** menu



Pumunta sa **Album ng kamera**



Pumunta sa **Mga tag sa litrato**



Pumunta sa **Mga album sa web**



Pumunta sa play view

Upang matingnan ang litrato sa buong screen

- 1 Piliin ang **Menu > Media > Litrato**.
- 2 Piliin ang pagpipilian sa pagtingin at mag-tap ng thumbnail upang matingnan ang litrato.
- 3 Upang matingnan ang susunod o naunang litrato, mag-flick sa kaliwa o kanan.

Pinakabagong litrato

Sa **Pinakabagong litrato** maaari mong tingnan ang lahat ng mga litrato at video clip na kinunan ng iyong kamera, na magkakasunod simula sa pinakabago. I-flick sa kanan papunta sa kaliwa upang i-browse ang iyong ibang mga litrato at video clip. I-flick sa kaliwa papunta sa kanan upang bumalik.

Upang tingnan ang iyong pinakabagong mga litrato

- Piliin ang **Menu > Media > Litrato > Pinakabagong litrato**.

Album ng kamera

Sa **Album ng kamera** mahahanap mo lahat ng mga litrato at video clip na kinuhanan gamit ang kamera. Ang lahat ng mga file ay naka-kategorya ng buwan, ayon sa kung ano ang nauna. Pumili ng buwan upang tingnan ang mga thumbnail, at i-tap ang thumbnail ng litrato o video clip upang tingnan ito.



Kapag tiningnan mo ang iyong mga litrato o video clip ayon sa buwan o sa view na thumbnail, maaari mong markahan ang ilang mga bagay at pamahalaan ang mga ito ng pangkat-pangkat.

Mga tag ng litrato

Madali mong mapapamahalaan ang iyong mga litrato sa pamamagitan ng paglikha ng mga tag para sa mga ito. Sa **Mga tag sa litrato**, maaari mong tingnan lahat ng mga naka-tag na litrato. Maaari ka ring mag-edit ng mga iyong mga tag.



Tanging mga litrato lamang na may EXIF (Exchangeable Image File Format) ang maaaring i-tag. Kung wala kang litratong naka-tag, **Mga tag sa litrato** ay walang laman.

Upang tingnan mga litrato ayon sa tag

- 1 Piliin ang **Menu > Media > Litrato > Mga tag sa litrato**.
- 2 Pumili ng tag, i-tap ang thumbnail.

Upang gumawa ng tag

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang > .
- 2 I-tap ang , magpasok ng bagong pangalan at piliin ang **OK**.
- 3 Pumili ng icon ng tag.
- 4 Piliin ang nagawang tag upang maidagdag ito sa iyong litrato.


Upang mag-tag ng litrato

- 1 Kapag nasa view ng pagpapatugtog o mode ng pagmarka, i-tap ang > .
- 2 Pumili ng tag.

Upang tanggalin ang tag mula sa litrato

- 1 Kapag tumitingin ng naka-tag na litrato, i-tap ang > .
- 2 I-tap sa kanan ng tag na nais mong tanggalin.

Upang i-edit ang tag

- 1 Piliin ang **Menu > Media > Litrato > Mga tag sa litrato**.
- 2 Pumili ng tag at i-tap .
- 3 I-edit ang pangalan ng tag at piliin **OK**.
- 4 Pumili ng icon para sa iyong tag.

Upang tanggalin ang tag



- 1 Piliin ang **Menu > Media > Litrato > Mga tag sa litrato**.
- 2 Pumili ng tag, i-tap  at kumpirmahin.

Mga album sa web


Sa **Mga album sa web**, maaari mong pamahalaan ang mga litrato at video clip sa mga album na ginawa mo sa online. Maaari ka ring magdagdag ng mga komento sa iyong nilalaman o tingnan ang mga komento mula sa ibang mga tao. Piliin **Tingnan ang demo** upang mas maraming malaman tungkol sa mga basic function ng **Mga album sa web**.

- ! Kailangan mong itama ang mga setting ng Internet upang gamitin ang feature na ito. Para sa mas maraming impormasyon tungkol sa mga bayarin na maaaring ipataw, makipag-ugnayan sa iyong network operator.

Upang tingnan ang litrato sa album sa web

- 1 Piliin ang **Menu > Media > Litrato > Mga album sa web**.
- 2 Pumili ng serbisyo. Kung kailangan mo na magpatakbo ng update, i-tap .
- 3 Kung gumagamit ka ng serbisyo sa unang pagkakataon, ipasok ang iyong username at password, at pagkatapos **Mag-login**.
- 4 Pumili ng album. Kung kailangan mo na magpatakbo ng update, i-tap .
- 5 Pumili ng thumbnail at maghintay hanggang makumpleto ang awtomatikong pag-download bago tingnan ito sa mas malaking sukat.



Upang i-save ang litrato mula sa album sa web sa iyong telepono

- 1 Kapag tinitingnan ang litrato sa online na album ng litrato, i-tap .
- 2 Ang piniling litrato ay naka-save sa **Litrato**.



Upang maghanap ng bagong mga serbisyo ng album sa web

- 1 Piliin ang **Menu > Media > Litrato > Mga album sa web**.
- 2 Piliin ang **Bagong serbisyo**.

Upang tingnan ang mga komento sa litrato

- 1 Kapag tinitingnan ang litrato sa online na album ng litrato, i-tap .
- 2 Upang i-update ang mga komento, i-tap .


Upang magdagdag ng mga komento sa litrato

- 1 Kapag tinitingnan ang litrato sa online na album ng litrato, i-tap .
- 2 I-tap ang .
- 3 Ipasok ang iyong mga komento at piliin **Ipadala**.





Upang tingnan ang mga detalye ng litrato sa online


- Kapag tinitingnan ang litrato sa online na album ng litrato, i-tap .

Upang baguhin ang mga detalye ng litrato sa online





- 1 Kapag tinitingnan ang litrato sa online na album ng litrato, i-tap .
- 2 Palitan ang **Titulo ng file** o ang **Deskripsiyon** sa naayong mga field.

Upang ipadala ang mga link ng litrato


- 1 Piliin ang **Menu > Media > Litrato > Mga album sa web.**
 - 2 Piliin ang serbisyo, at pumili ng album.
 - 3 I-tap ang  sa touchbar.
 - 4 I-tap ang mga litrato na nais mong piliin.
 - 5 I-tap ang . Tingnan *Messaging* sa pahina 30.
-  Kapag tumitingin ng litrato sa isang album ng litrato sa online, maaari mo ring padalhan ang isang tao ng link ng litrato sa pag-tap ng  sa touchbar.

 Maaari mo lang ipadala ang mga link sa mga litrato na walang mga restriksiyon sa pag-access.




Upang tanggalin ang mga litrato mula sa online na album ng litrato

- 1 Kapag tumitingin ng mga thumbnail ng litrato sa isang online na album, i-tap ang  sa touchbar.
 - 2 I-tap upang piliin ang mga track na nais mong tanggalin.
 - 3 I-tap  at kumpirmahin.
-  Kapag tumitingin ng litrato sa isang album ng litrato sa online, maaari mo ring tanggalin ito sa pag-tap ng  sa touchbar.



Upang baguhin ang mga detalye ng album sa web

- 1 Piliin ang **Menu > Media > Litrato > Mga album sa web.**
- 2 Piliin ang serbisyo, at pumili ng album.
- 3 I-tap ang .
- 4 Baguhin ang pamagat ng album, paglalarawan o visibility sa naaayong mga field.

Upang ipadala ang mga link ng album sa web


- 1 Piliin ang **Menu > Media > Litrato > Mga album sa web.**
 - 2 Pumili ng serbisyo.
 - 3 I-tap ang  sa touchbar.
 - 4 I-tap upang piliin ang mga album ng litrato na nais mong ipadala ang mga link.
 - 5 I-tap ang .
-  Maaari mo lang ipadala ang mga link sa mga album na walang mga restriksiyon sa pag-access.

Upang mag-log out sa album sa web

- 1 Piliin ang **Menu > Media > Litrato > Mga album sa web.**
- 2 I-tap ang  sa touchbar.
- 3 I-tap upang piliin ang serbisyo na nais mong mag-log out.
- 4 I-tap  at kumpirmahin.


Mga litrato

Sa **Mga larawan**, ang lahat ng mga litrato na walang EXIF na impormasyon ay ipinakikita sa mga thumbnail, ayon sa pagkakasunod-sunod. I-tap ang thumbnail upang tingnan ang litrato.

-  Kapag tumitingin ng mga litrato sa mga thumbnail, maaari mong markahan ang ilang mga bagay at pamahalaan ang mga ito nang pangkat-pangkat.

Tinitingnan mga litrato














Kapag tinitingnan mga litrato sa view ng play, maaari mong:

- I-tap ang screen upang ipakita o itago ang touchbar at iba pang impormasyon. Ang oras ng paggawa ng file sa view ay ipinakikita sa itaas ng screen.
 - i-flick sa kanan o kaliwa upang tingnan ang nauna o kasunod na litrato.
 - Pamahalaan ang mga litrato gamit ang touchbar.
-  Upang makakuha ng mga tip, maaari mong hawakan at i-hold ang bawat icon sa touchbar.



Pamahalaan mga litrato sa play view

Maaari mong pamahalaan ang iyong mga litrato sa maraming paraan. Halimbawa, maaari kang mag-edit, mag-tag, o gamitin ang litrato, o ipadala ang litrato sa ibang mga aparato. Maaari mo ring tingnan ang mga litrato bilang slideshow.



Kapag tumitingin ng litrato, makikita mo ang mga icon na ito sa touchbar:

-  Lumabas sa play view at bumalik sa naunang antas
-  Tanggalin ang kasalukuyang litrato
-  Ipadala ang kasalukuyang litrato
-  Tingnan marami pang mga command
-  Impormasyon ng litrato
-  I-zoom ang litrato
-  I-print ang litrato
-  I-edit ang litrato
-  Itakda ang litrato bilang contact na litrato
-  Itakda ang litrato bilang wallpaper
-  Itakda ang litrato bilang litrato sa tawag
-  Mag-tag ng litrato
-  Tingnan ang mga litrato bilang slideshow





Upang tingnan ang impormasyon ng litrato

- Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .

Upang i-print ang litrato

- Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .



Upang i-zoom ang litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 I-tap  upang i-zoom in. I-tap  upang i-zoom out.

Pag-edit ng mga litrato

Kapag tinitingnan ang litrato, maaari mong i-edit ito sa ilang paraan. Halimbawa, maaari mong baguhin ang contrast o liwanag ng litrato. Maaari kang magdagdag ng mga bagay gaya ng text o mga clip ng litrato sa isang litrato.

Upang mai-edit ang litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
 - 2 Piliin ang **Opsiyon** at pumili ng bagay.
 - 3 Upang maikansela ang lahat ng mga pagbabago at bumalik sa pangunahing view, piliin ang **Opsiyon** > **Ikansela mga pagbabago**.
- ! Ang proteksyon ng copyright ay maaaring mapigilan ang ilang mga litrato at iba pang nilalaman mula sa pagkopya, pagbago, o paglipat nito.




Upang bawiin ang pinakabagong aksyon sa pag-edit

- Mula sa view ng pag-edit, piliin **Opsiyon** > **I-undo**.




Upang i-save ang na-edit na litrato

- Mula sa view ng pag-edit, piliin **Opsiyon** > **I-save**.




Upang i-adjust ang liwanag ng litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Idagdag ang effect**.
- 3 I-tap  at i-drag ang slider upang i-adjust ang liwanag.
- 4 Piliin **OK** upang kumpirmahin.




Upang i-adjust ang contrast ng litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Idagdag ang effect**.
- 3 I-tap  at i-drag ang slider upang i-adjust ang contrast.
- 4 Piliin **OK** upang kumpirmahin.





Upang i-adjust ang talas ng litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Idagdag ang effect**.
- 3 I-tap  at i-drag ang slider upang i-adjust ang talas.
- 4 Piliin **OK** upang kumpirmahin.




Upang paliitin ang laki ng litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Idagdag ang effect**.
- 3 I-tap  at paliitin ang laki ng litrato.
- 4 Piliin **OK** upang kumpirmahin.




Upang i-crop ang litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Idagdag ang effect**.
- 3 I-tap  at pumili mula sa dalawang mga opsiyon:
 - **Manwal** – i-set ang hugis, laki at posisyon ng lugar na na-crop.
 - **Wallpaper** – ang dimensyon ng lugar na nais mong i-crop ay naka-fix sa hugis na wallpaper.
- 4 I-drag  upang itakda ang hugis at laki ng lugar na ika-crop.
- 5 I-drag ang iyong daliri sa loob ng lugar na ika-crop na lugar upang ilipat ito sa nais na posisyon.
- 6 Piliin ang **I-crop**.




Upang ipaikot at i-save ang litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Idagdag ang effect**.
- 3 I-tap  upang ipaikot ang litrato ng clockwise.
- 4 Piliin ang **Opsiyon > I-save**.



Upang ipasok ang talk bubble sa litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > I-add effect**.
- 3 I-tap  at pumili ng talk bubble.
- 4 Upang ilipat ang talk bubble, piliin **Opsiyon > Ilipat ang talk bubble** at i-drag ito sa nais na lugar.
- 5 Upang baguhin ang laki ng talk bubble, piliin **Opsiyon > I-resize ang talk bubble** at i-drag sa screen upang baguhin laki nito.
- 6 Upang ipaikot ang talk bubble, piliin **Opsiyon > likot ang talk bubble** at i-drag sa screen upang ipaikot ito.
- 7 Upang bumalik sa main view, piliin **Tapos na**.




Upang ipasok ang clip art sa litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > I-add effect**.
- 3 I-tap  at pumili ng icon ng clip art.
- 4 Upang ilipat ang clip art, piliin **Opsiyon > Ilipat ang clip art** at i-drag ito sa nais na lugar.
- 5 Upang baguhin ang laki ng clip art, piliin **Opsiyon > I-resize ang clip art** at i-drag sa screen upang baguhin laki nito.
- 6 Upang ipaikot ang clip art, piliin **Opsiyon > likot ang clip art** at i-drag sa screen upang ipaikot ito.
- 7 Upang bumalik sa main view, piliin **Tapos na**.






Upang ilagay text sa litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > I-add effect**.
- 3 I-tap **T** at ilagay ang text.
- 4 Upang ilipat ang text, piliin **Opsiyon > Ilipat ang text** at i-tap ang lugar na nais mong paglipatan ng text.
- 5 Upang bawasan o palakihin ang laki ng text, piliin **Opsiyon > I-resize ang text** at i-drag pataas o pababa.
- 6 Upang ipaikot ang text, piliin **Opsiyon > likot ang text** at i-drag clockwise o anti-clockwise.
- 7 Upang palitan ang kulay ng text, piliin **Opsiyon > Baguhin ang kulay**.
- 8 Upang bumalik sa main view, piliin **Tapos na**.




Upang i-posterize ang litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin **Opsiyon > Idagdag ang effect** at i-tap .






Upang magdagdag ng frame sa litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Idagdag ang effect**.
- 3 I-tap  at i-tap  o  upang pumili ng frame.
- 4 Piliin ang **OK**.


Upang bawasan ang red-eye effect sa litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > I-add effect**.
- 3 I-tap ang .
- 4 I-drag ang bilog upang matakpan nito ang red eye na nais mong ayusin.
- 5 Upang palakihin o bawasan ang laki ng bilog na pampili, i-drag pataas o pababa sa labas ng bilog.
- 6 Piliin ang **Opsiyon > Bawasan red-eye effect**.
- 7 Piliin ang **Tapos na**.



Upang magdagdag ng mga filter effect sa litrato

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Piliin ang **Opsiyon > Idagdag ang effect**.
- 3 Pumili ng filter effect:
 -  – black and white.
 -  – sepia: binibigyan ang litrato ng brown na tint upang lumabas na mukhang luma ang mga litrato.
 -  – negatibo: baligtarin ang pula, berde at asul ng magkahiwalay, at sa magkakaibang mga degree.

Upang magtakda ng litrato bilang iyong litrato sa tawag

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Ipinakikita ang litrato bilang background na litrato kapag tatawag ka.

Upang magtalaga ng litrato sa contact

- 1 Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- 2 Pumili ng isa o maraming mga contact.
- 3 Piliin ang **OK**.

Slideshow

Maaari mong tingnan ang iyong mga litrato bilang slideshow.

Upang tingnan ang mga litrato bilang slideshow

- Kapag tumitingin ng litrato, i-tap ang  > .
- Kapag nasa listahan ng litrato o view ng grid, markahan ang mga litrato at i-tap  > .

Upang i-pause ang slideshow

- Kapag tumitingin ng mga litrato sa isang slideshow, i-tap ang screen at piliin **I-pause**.

Upang ipagpatuloy ang slideshow

- Kapag ang slideshow ay naka-pause, i-tap ang screen at piliin **Ituloy**.

Upang ihinto ang slideshow

- Kapag tumitingin ng mga litrato sa isang slideshow, i-tap ang screen at piliin **Itigil**.

Upang i-zoom ang litrato na nasa slideshow

- 1 Kapag tumitingin ng mga litrato sa slideshow, piliin **Itigil**.
- 2 I-tap ang screen upang ipakita ang zoom slider.
- 3 I-drag and slider upang i-zoom ang litrato.

Upang lumabas sa slideshow

- 1 Kapag tumitingin ng mga litrato sa isang slideshow, i-tap ang screen at piliin **Itigil**.
- 2 Piliin ang **Balik**.

Musika

Maaari kang makinig sa musika, mga audiobook, podcast at iyong mga recording.

Viewbar ng tugtog



Sa Tugtoga, lalabas ang viewbar sa itaas ng screen kapag nasa view ka ng portrait.



Bumalik sa main **Media** menu



Pumunta sa **Mga artist**



Pumunta sa **Mga album**



Pumunta sa **Mga track**



Pumunta sa play view

Upang magpatugtog ng musika o iba pang mga track na audio

- 1 Piliin **Media** sa touchbar ng standby sa screen > **Tugtog**.
- 2 Mag-browse para sa mga track sa **Mga artist**, **Mga album**, **Mga track**, **Mga playlist**, **Mga audiobook**, **Mga podcast** at **Mga record ko**.
- 3 Mag-tap ng track.

Mga audiobook





Maaari kang makinig ng mga audio book sa iyong telepono, ngunit kailangan mo munang ilipat ang nais na audio book sa iyong telepono bago ito lumabas sa iyong lista ng magagamit na mga audio book.

Upang ma-access ang mga audio book sa iyong telepono

- Piliin ang **Menu > Media > Tugtog > Mga audiobook**.
- ! Ang mga audio book ay hind nakalista sa ilalim ng mga Artist, Album o Track.






Mga control sa playback

Ang sumusunod na mga control sa playback ay maaaring lumabas sa iyong music at video player:

-  Ihinto sandali
-  Patugtugin
-  Hawakan at i-hold upang i-rewind. I-tap upang pumunta sa nakaraang track
-  Hawakan at i-hold upang mag-fast forward. I-tap upang pumunta sa susunod na track

Karagdagang mga music control

Ang sumusunod na mga music control ay maaaring lumabas sa iyong music player:

-  Buksan ang shuffle upang patugtugin ang mga track sa kasalukuyang playlist na nasa random order
-  Isara ang shuffle
-  Ulitin ang lahat ng mga track sa kasalukuyang playlist
-  Ulitin ang kasalukuyang track nang ilang beses
-  I-disable ang umuulit na mga track

Upang ihinto ang pagpapatugtog ng musika

- Kapag tumutugtog ang track, i-tap ang .




Upang i-on ang shuffle

- Kapag bukas ang music player, i-tap ang **SHUF**. Ang icon ay lumiwanag.




Upang i-off ang shuffle

- Kapag bukas ang music player, i-tap ang **SHUF**. Ang icon ay dumilim.




Upang ulitin ang kasalukuyang track

- Kapag nakabukas ang media player, i-tap  o  hanggang  ay lumabas.



Upang ulitin ang lahat ng mga track sa kasalukuyang playlist

- Kapag nakabukas ang media player, i-tap  o  hanggang  ay lumabas.

Upang i-off ang ulitin

- Kapag nakabukas ang media player, i-tap  o  hanggang  ay lumabas.

Upang i-rewind at i-fast forward

- Hawakan at i-hold ang  o .


Upang lumipat sa pagitan ng mga track

- I-tap ang  o .

Upang mapalitan ang lakas

- Pindutin ang volume key nang pataas o pababa.











Upang mapaliit ang music player

- 1 Kapag bukas ang music player, i-tap ang .
 - 2 Upang maibalik ang media player sa screen, i-tap ang pinaliit na album artwork.
- ! Kapag pinaliit mo ang media player, pinaliliit din ang album artwork.



Pamahalaan mga track sa play view

Maaari mong pamahalaan ang iyong mga track sa maraming paraan kapag pinatutugtog ang mga ito. Maaari mong, halimbawa, tanggalin ang track, ipadala ang track, itakda ang track bilang iyong ringtone o idagdag ag track sa playlist.



Ang sumusunod na mga icon ay maaaring lumabas sa touchbar kapag ang track ay pinatutugtog:

-  Lumabas sa play view at bumalik sa naunang antas
-  Pumunta sa music library
-  I-adjust ang volume
-  Tingnan marami pang mga command
-  Tanggalin ang kasalukuyang track
-  Ipadala ang kasalukuyang track
-  Itakda ang kasalukuyang track bilang iyong ringtone
-  Idagdag ang kasalukuyang track sa isang playlist
-  Tingnan ang impormasyon ng track
-  Paliitin ang music player

Upang tanggalin ang track

- 1 Kapag nakabukas ang media player, i-tap  > .
- 2 Pumili ng pagpipilian.


Upang ipadala ang track

- 1 Kapag nakabukas ang media player, i-tap  > .
- 2 Pumili ng pamamaraan ng pagpadala.


Upang itakda ang track bilang iyong ringtone

- 1 Kapag tumutugtog ang track, i-tap  > .
- 2 Piliin ang profile o mga profile na nais mong itakda ang track bilang ringtone.

Upang idagdag ang kasalukuyang track sa isang playlist

- 1 Kapag tumutugtog ang track, i-tap  > .
- 2 Pumili ng playlist.




Upang tingnan ang impormasyon ng track

- Kapag tumutugtog ang track, i-tap  > .



Mga Playlist

Maaari kang lumikha ng mga playlist upang ayusin ang iyong musika. Maaari kang magdagdag ng mga track at folder sa playlist. Maaari itong tumagal ng ilang mga minuto para lumikha ang telepono ng playlist.



Upang gumawa ng playlist

- 1 Piliin ang **Menu > Media > Tugtog > Mga playlist**.
- 2 I-tap ang **Bagong playlist**.
- 3 Magpasok ng pangalan at piliin ang **OK**.
- 4 Upang magdagdag ng mga track, piliin, halimbawa, ang  mula sa viewbar at i-tap ang .
- 5 Piliin ang mga track na gusto mong idagdag sa playlist at i-tap .
- 6 Pumili ng playlist.

Upang idagdag mga track sa isang playlist

- 1 Piliin ang **Menu > Media > Tugtog**.
- 2 Piliin, halimbawa, **Mga track** at i-tap .
- 3 Piliin ang mga track na gusto mong idagdag sa isang playlist at i-tap ang .
- 4 Pumili ng playlist.

Upang tanggalin ang mga track mula sa playlist

- 1 Piliin ang **Menu > Media > Tugtog > Mga playlist**.
- 2 Pumili ng playlist at i-tap .
- 3 Piliin ang mga track na gusto mong tanggalin at i-tap .
- 4 Piliin ang **Oo**.

Video






Sa **Video**, Maaari kang mag-browse at mag-play ng mga video clip na naka-save sa iyong telepono at sa iyong memory card. Ang sumusunod na mga tampok ay available:

- **YouTube** – isang direktang link papunta sa YouTube™ na web site at malawak na saklaw ng mga video clip.
- **Mga video** – ang mga video clip na naka-save sa iyong telepono maliban sa mga kinunan ng kamera o natukoy bilang mga podcast.
- **Mga video sa kamera** – ang mga video clip na linunan ng kamera.
- **Mga podcast** – ang lahat ng mga video file na natukoy bilang mga podcast.


Viewbar ng video




Sa **Video**, ang viewbar ay lalabas sa itaas ng screen kapag nasa view ng portrait o landscape ka.

- | | |
|---|---------------------------------------|
|  | Bumalik sa main Media menu |
|  | Pumunta sa Mga video |
|  | Pumunta sa Mga video sa kamera |
|  | Pumunta sa Mga podcast |
|  | Pumunta sa play view |

Upang mag-play ng video clip

- 1 I-tap  sa touchbar ng standby sa screen at piliin **Video**.
- 2 Pumili ng pagpipilian.
- 3 I-tap ang video clip.

Upang ipakita o itago ang video control bar sa view na landscape

-  Pagkatapos na ang video player ay bukas ng ilang segundo sa view na landscape, awtomatikong nakatago ang control bar.
- Upang ipakita ang control bar, i-tap ang anumang bahagi ng screen.
- Upang itago ang control bar, i-tap ang screen o maghintay ng ilang segundo.












Upang makontrol ang video player

- Gamitin ang mga control sa playback upang makontrol ang iyong video player. Tingnan *Mga control sa playback* sa pahina 44.

Pamahalaan mga video clip sa play view

Maaari mong pamahalaan ang iyong mga video clip sa maraming paraan habang pinatutugtog ang mga ito.

Ang sumusunod na mga icon ay maaaring lumabas sa touchbar kapag ang video clip ay pinatutugtog:



-  Lumabas sa play view at bumalik sa naunang antas
-  Tingnan mga video clip sa normal na mode
-  Tingnan mga video clip sa stretch na mode
-  Tingnan mga video clip sa full screen na mode
-  Itakda ang volume
-  Tingnan ang mas marami pang opsiyon
-  Tanggalin ang kasalukuyang video clip
-  Ipadala ang kasalukuyang video clip
-  Tingnan ang impormasyon ng video clip
-  Ulitin ang kasalukuyang video clip
-  I-disable ang umuulit na playback ng mga video clip

Kamera

Paggamit ng kamera




Mayroong touch capture ang iyong kamera, deteksyon ng mukha, deteksyon ng ngiti, ilaw, at mga function na image stabiliser.

Upang i-aktibo ang kamera

- Upang i-aktibo ang kamera ng litrato, pindutin .
- Upang i-aktibo ang kamera ng video, pindutin .

Viewfinder



- 1  Mag-zoom in o out
- 2  Ipasok sa video mode at kumuha ng mga video clip
- 3  Ipasok sa mode ng litrato at kumuha ng mga litrato

Upang i-off ang kamera

- Pindutin ang .









View ng viewfinder

Ang viewfinder ang pangunahing interface sa pagitan mo at ang kamera. Ipinakikita nito sa iyo ano ang ginagawa ng kamera at may mga shortcut sa mga setting ng kamera at ang pinakagamit na mga opsyon sa menu. Maaari mong i-tap ang mga icon sa viewfinder upang baguhin ang mga setting o tingnan ang mga tip at trick. Ang viewfinder ay mayroong dalawang mode: mode na litrato at mode na video.




Pag-asal ng viewfinder

- Upang hindi pansinin ang lahat ng mga icon, i-tap ang screen. Upang ibalik lahat ng mga icon at opsyon, i-tap ulit. Ang hindi pagpansin sa mga icon ay nagbibigay sa iyo ng mas malinaw na overview kapag kukuha ng mga litrato at video clip.

Upang kumuha ng litrato

- 1 Upang i-aktibo ang kamera, pindutin .
 - 2 Upang magamit ang auto focus, pindutin nang hindi masyadong madiin ang . Magsisimulang mag-blink ang .
 - 3 Kapag lumabas ang  pindutin nang todo ang  upang kumuha ng litrato. Ang litrato ay awtomatikong nai-save.
-  Upang mas mabilis na kumuha ng litrato, maaari mong lagpasan ang hakbang 2 at pindutin nang todo ang .
-  Huwag kumuha ng mga litrato kapag may pinanggagalingang matinding ilaw sa background. Gumamit ng suporta o ng self timer upang maiwasan ang malabong mga litrato.

Upang magrekord ng video clip

- 1 Pindutin ang .
- 2 Pindutin nang sagad pababa ang  upang simulan ang pagrerekord.
- 3 Upang huminto sa pagrerekord, pindutin nang sagad pababa ang . Ang video ay nai-save ng awtomatiko.

Upang gamitin ang zoom

- Pindutin ang volume key nang pataas o pababa.
- ! Bumabalik ang zoom rates sa default kapag binago mo ang shoot mode o lumipat sa pagitan ng mode ng litrato at video mode. Tingnan *Shoot mode* sa pahina 49.

Upang tingnan ang mga litrato at video clip

- 1 I-aktibo ang kamera at i-tap ang .
- 2 Upang tingnan ang susunod o naunang litrato o video clip, i-flick sa kaliwa o kanan.


Mga icon ng kamera at mga setting


Maaari mong baguhin ang mga setting ng kamera sa pag-tap sa mga icon sa viewfinder.


Mga eksena

Kapag kumuha ka ng litrato, maaari mong piliin ang setting ng eksena na pinakamabuting tumutugma sa iyong paksa:

 **Auto**


 **Portrait** – binibigyang diin ang mga skin tone at ang bahagyang malambot na hitsura

 **Landscape** – inuuna ang mga bagay na malayo

 **Twilight halang** – ginagamit kapag madilim at hindi mo nais na gamitin ang ilaw. Dahil sa matagal na panahon ng exposure, dapat na huwag icalaw ang kamera o ilagay ito sa patag na patungan

 **Sports** – maikling panahon ng exposure upang mapaliit ang motion blur

 **Dokumento** – text at mga guhit ay magiging matalas, na may mataas na contrast


 **Twilight patayo** – mas matagal na panahon ng exposure. Dapat na hindi mo galawin ang kamera o ilagay ito sa patag na patungan



 **Beach/Snow** – ginagamit sa maliwanag na kapaligiran upang maiwasan ang overexposed na mga litrato.


Shoot mode

Maaari mong piliin ang paraan mo ng pagkuha ng litrato.









 **Normal**

 **Panorama** – awtomatikong kumukuha ng malapad na panorama na mga litrato. Ang tatlong mga litrato na kinunan nang magkakasunod ay konektado sa bawat isa upang bumuo ng walang dugtong na malawak na litrato







 **Pgdetek sa ngiti** – i-aktibo ang pagdetek ng ngiti at pagkatapos pindutin . Kapag ngumiti ang mukha na naka-focus, ang kamera ay awtomatikong kumukuha ng litrato

 **Touch capture** – mag-tap sa loob ng puting hangganan upang mapili ang focus point at kumuha ng litrato




Upang makakuha ng litratong panorama

- 1 Upang i-aktibo ang kamera, pindutin .
 - 2 I-tap ang  > .   na lumabas sa tuktok ng screen.
 - 3 Upang kunan ang unang litrato, pindutin ang .
 - 4 Upang kunan ang pangalawang litrato, igalaw ang kamera sa kaliwa o kanan hanggang sumukat ang indicator sa  at maging ganap na kulay berde. Awtomatikong nakuhanan ang litrato at naayos na ngayon ang direksyon ng panorama.
 - 5 Upang kunan ang pangatlong litrato, igalaw ang kamera sa parehong direksyon tulad ng naunang kuha hanggang sumukat ang indicator sa  at maging ganap na kulay berde. Awtomatikong nakuhanan ang litrato.
- ! Posible lamang na baguhin ang mode na zoom in panorama bago nakuhanan ang unang litrato. Nananatiling pareho ang zoom para sa magkasunod na dalawang litrato.

Upang magamit ang deteksyon ng ngiti

- 1 Upang i-aktibo ang kamera, pindutin .
- 2 I-tap ang  > .
- 3 Upang simulan pagdetek ng ngiti, pindutin .  mga blink.
- 4 Kapag ngumiti ang mukha sa viewfinder, ang  ay hihinto sa pag-blink at awtomatikong makukuhanan ang litrato.


Upang kumuha ng litrato na nasa mode na touch capture


- 1 Upang i-aktibo ang kamera, pindutin .
 - 2 I-tap ang  > .
 - 3 Mag-tap sa loob ng puting hangganan upang mapili ang focus point. Awtomatikong makukuhanan ang litrato.
- ! Huwag hawakan ang viewfinder hanggang gusto mo ng kumuha ng litrato.


Focus

Kapag kumukuha ng litrato o ng video clip, maaari mong piliin paano dapat mag-focus ang kamera. Ang mga setting ng focus sa mode ng litrato ay ang mga:

Auto* – ang kamera ay pinipili kung saan awtomatikong magpo-focus




 **Pagkilala mukha** – nagdadala ng off-center na mukha sa focus. Awtomatikong nade-detek ng kamera ang isang mukha ng awtomatiko bago kumuha ng litrato.

 **Macro** – para sa mga close-up

 **Wala limitasyon** – para sa malayong distansya na mga bagay.

* Walang lalabas na icon kapag ang function na ito ay inaktibo.

Upang magtakda ng deteksyon ng mukha



- 1 Upang i-aktibo ang kamera, pindutin .
 - 2 I-tap ang  > .
- ! Ang deteksyon ng mukha ay hindi magagamit sa mga tanawing Landscape, Dokumento o mga Twilight landscape.

Exposure

Ang mga setting ng exposure ay kinokontrol ang haba ng oras na pinapayagan ang ilaw na makapasok sa kamera kapag kukuha ng litrato o ng video clip. Mas maliit ang tagal ng exposure, mas madilim na lalabas ang litrato o video clip. Ang default exposure na tagal ay

sero. Maaari mong baguhin ang tagal ng exposure sa slide bar sa loob ng saklaw na 2.0 +2.0.


Upang i-set ang antas ng exposure sa mode ng litrato


- 1 I-aktibo ang kamera at i-tap ang .
 - 2 I-tap ang slide bar na lalabas.
-  Ang antas ng exposure ay hindi na-a-adjust sa mode ng deteksyon ng mukha.

Self-timer

Maaari mong gamitin ang self-timer upang kumuha ng mga litrato at video clip gamit ang antala sa oras. Tumutulong ito na maiwasan ang malabong mga litrato. Maaari mo ring gamitin ang function na ito upang kuhanan ng litrato ang sarili mo.



Naka-off * – i-off ang self-timer

 **Naka-on, 2 s** – kumuha ng litrato na may dalawang-segundo na antala sa oras

 **Naka-on, 10 s** – kumuha ng litrato na may 10-segundo na antala sa oras

* Walang lalabas na icon kapag ang function na ito ay inaktibo.


Upang gamitin ang self-timer sa mode ng litrato

- 1 I-aktibo ang kamera.
 - 2 I-tap  > **Litrato** > **Self-timer**.
 - 3 Piliin **Naka-on, 2 s** o **Naka-on, 10 s**.
-  Sa mode na panorama, ang self-timer ay maaari lang gamitin upang makuhanan ang unang litrato ng sequence. Sa touch capture mode, ang self-timer ay hindi available.

Laki ng litrato

Tinutukoy ng laki ng litrato ang resolusyon para sa litrato. Ang mga malaki ay nagbibigay ng mga mas matalas na litrato; maliit ay pinapayagan ka na makapag-save ng mas maraming litrato sa memorya. Maaari kang pumili ng laki ng litrato na naayon sa laki ng nakaplanong printout ng litrato.


Upang itakda ang laki ng litrato

- 1 I-aktibo ang kamera.
- 2 I-tap ang .
- 3 Piliin ang **Litrato** > **Laki ng litrato**.
- 4 Pumili ng pagpipilian.

Ilaw

Maaari mong i-on ang ilaw kapag kukuha ng litrato o magpi-film ng video clip, anuman ang kondisyon ng liwanag.

Upang i-on ang litrato bago kumuha ng litrato

- 1 I-aktibo ang kamera at i-tap ang .
- 2 Piliin ang **Litrato** > **Liwanag** > **Naka-on**.

White balance


Ang function ng white balance ay ina-adjust ang litrato o balanse ng kulay ng video clip ayon sa kondisyon ng liwanag.

Sa karaniwan ang ating mga mata ang bumabagay sa kondisyon ng liwanag ng iba't ibang kulay ng temperatura. Kailangan ng isang digital na kamera na mahanap ang reference point na nagrerepresenta ng puti. Ikakalkula naman nito ang lahat ng ibang mga kulay batay sa white point. Halimbawa, kung lumiwanag ang halogen na ilaw sa puting pader, lalabas na dilaw ang pader, na dapat ay puti. Kung alam ng kamera na dapat puti ang pader, babagay ito sa lahat ng iba pang mga kulay sa naayong scene.


Karamihan sa mga digital na kamera ay nagfi-feature ng awtomatik na white balance. Nangangahulugan ito na tinitingnan ng kamera ang pangkalahatang kulay ng litrato at kinakalkula ang pinakamabuting white balance. Gayunpaman, ang mga sistema na ito ay maaaring hindi gumana nang maayos kung ang eksena ay mas malakas na isang kulay o kung walang natural na puti.


Mayroong limang setting para sa iba't ibang mga kondisyon ng liwanag:

Auto * – i-adjust ang balanse ng kulay ng awtomatiko sa kondisyon ng liwanag

 **Incandescent** – i-adjust ang balanse ng kulay para sa maliwanag na kondisyon ng ilaw, gaya ng mga overhead light bulb, o kapag ang kondisyon ng ilaw ay nagbabago nang mabilis

 **Fluorescent** – i-adjust ang balanse ng kulay para sa fluorescent na ilaw

 **Umaga** – i-adjust ang balanse ng kulay para sa paggamit sa labas


 **Maulap** – i-adjust ang balanse ng kulay kung maulap

* Walang lalabas na icon kapag ang function na ito ay inaktibo.


Upang itakda ang white balance sa mode ng litrato

- 1 I-aktibo ang kamera at i-tap ang .
- 2 Piliin ang **Litrato > White balance**.
- 3 Pumili ng pagpipilian.

Image stabiliser

Ang image stabiliser ay tumutulong para sa mga maliit na paggalaw ng kamay upang matiyak na hindi gagalaw na mga litrato. Kapag binuksan mo ang function na ito,  lalabas sa viewfinder.


Upang i-aktibo ang image stabilizer

- 1 I-aktibo ang kamera.
- 2 I-tap ang .
- 3 Piliin ang **Litrato > Image stabilizer > Naka-on**.

Mga effect


Bago kumuha ng mga litrato o magrekord ng mga video clip, maaari mong itakda ang iba't ibang effect.

Naka-off* – para sa mga normal na litrato

 **Negatibo** – baligtarin ang pula, berde at asul ng magkahiwalay, at sa magkakaibang mga degree

 **Solarize** – idagdag ang artipisyal na effect sa iyong litrato

 **Sepia** – bigyan ang litrato ng brown na tint upang lumabas luma na

 **Black & white** – kumuha ng mga black and white na litrato

* Walang lalabas na icon kapag ang function na ito ay inaktibo.

Upang itakda ang mga effect sa mode ng litrato

- 1 I-aktibo ang kamera at i-tap ang .
- 2 Piliin ang **Litrato > Effects**.


Shutter sound

Bago kumuha ng litrato, maaari mong piliin o i-mute ang shutter sound.


Tunog ng shutter 1-4 piliin ang isa sa apat na shutter sounds

Naka-off kumuha ng mga litrato na walang shutter sound

Upang itakda ang shutter sound

- 1 I-aktibo ang kamera at i-tap ang .
- 2 Piliin ang **Litrato > Tunog ng shutter**.

Impormasyon sa lokasyon

Kapag  ay lumabas sa screen, ang iyong heograpikal na posisyon ay naka-save kasama ng mga litrato na kinunan mo. Ito ay tinatawag na geotagging. Ipinakikita ng mga geotag ang tinatayang lokasyon kung saan kinunan ang litrato.

Upang magdagdag ng impormasyon sa lokasyon sa litrato

- 1 I-aktibo ang kamera at i-tap ang .
- 2 Piliin ang **Setup > Geotag > Naka-on**.

Auto rotate

Kapag naka-on ang function na ito, lalabas ang litrato sa parehong oryentasyon (landscape o portrait) gaya ng orihinal na kuha nito.

Upang i-on ang auto rotate

- 1 I-aktibo ang kamera at i-tap ang .
- 2 Piliin ang **Setup > Auto rotate > Naka-on**.

I-reset

Maaari mong i-reset ang iyong kamera sa default na mga factory setting.




Upang i-reset mga setting ng kamera

- 1 I-aktibo ang kamera at i-tap ang .
- 2 Piliin ang **Setup > I-reset > Oo**.

Night mode

Kapag kumukuha ng mga video clip sa madilim na kondisyon, maaari mong i-on ang **Night mode** upang mapataas ang oras ng exposure at mapabuti ang kalidad ng video clip. Mas sensitibo ang kamera sa paggalaw kapag ginagamit mo ang function na ito.




Upang i-on ang night mode

- 1 Upang i-aktibo ang kamera ng video, pindutin .
- 2 I-tap ang  > .

Mikropono

Kapag kumukuha ng video clip, maaari mong makontrol kung ang tunog ay irerekord sa video o hindi.

Upang i-off ang mikropono

- 1 Upang ipasok sa video mode, pindutin .
- 2 I-tap ang  > .

Video format

Maaari mong piliin ang iba't ibang format ng video para sa iba't ibang gamit.


Auto review

Kapag ang **Auto review** ay bukas, maaari mong i-preview o pamahalaan ang mga litrato o video na kakukuha mo lang.


Upang i-aktibo ang Auto review

- 1 I-aktibo ang kamera at i-tap ang .
- 2 Piliin ang **Setup > Auto review > Naka-on**.

Upang bumalik sa mode ng litrato pagkatapos kumuha ng litrato

- Pagkatapos kumuha ng litrato, i-tap .
- ! Upang bumalik sa mode ng litrato, kailangan mo na i-on ang **Auto review**. Tingnan *Upang i-aktibo ang Auto review* sa pahina 54.

Upang tanggalin ang litrato na kakukuha mo pa lang


- Pagkatapos kumuha ng litrato, i-tap .
- ! Upang burahin ang litrato na kakukuha mo pa lang, kailangan mo na buksan ang **Auto review**. Tingnan *Upang i-aktibo ang Auto review* sa pahina 54.

Nagpapadala ng mga litrato o video clip

Maaari kang magpadala ng mga litrato at video clip na isang mensaheng multimedia o maaari mong gamitin ang iba pang paraan sa koneksiyon, gaya ng Bluetooth wireless technology. Maaari ka ring mag-upload ng mga litrato at video clip sa tugma na album sa online.

Upang i-optima ang laki ng litrato o video clip para sa pagpapadala, piliin ang nararapat na litrato o kalidad ng video gamit ang mga setting ng kamera.

Upang ipadala ang litrato na kakukuha mo pa lang

- 1 Pagkatapos kumuha ng litrato, i-tap .
 - 2 Pumili ng pagpipilian.
- ! Upang ipadala ang litrato na kakukuha mo pa lang, kailangan mo na buksan ang **Auto review**. Tingnan *Upang i-aktibo ang Auto review* sa pahina 54.

Mga serbisyo ng lokasyon

Ang iyong telepono ay may GPS na receiver na gumagamit ng mga satellite signal upang kalkulahin ang iyong lokasyon. Makakahingi ka ng tulong upang makahanap ng paraan papunta sa destinasyon at i-save ang iyong mga paboritong lokasyon. Gamit ang impormasyon mula sa mga mobile tower na malapit sa iyo, magagawa mong makita ang iyong tinatayang lokasyon sa mapa.

- ! Kung hindi mo magamit ang ilang mga tampok sa GPS, tingnan ang *Hindi ko magamit ang mga Internet-based na serbisyo* sa pahina 89.

Upang ma-access ang mga serbisyo ng lokasyon

- Piliin ang **Menu > Sribisyo sa loksyn.**, at pumili ng application.
- ! Kailangan mo ng koneksyon ng GPS upang magamit ang mga serbisyo ng lokasyon. Upang gamitin ang GPS, kailangang mong tukuyin ang Internet access point ng packet data. Tingnan ang *Hindi ko magamit ang mga Internet-based na serbisyo* sa pahina 89.
- ! Sony Ericsson ay Hindi ginagarantiya ang katumpakan ng anumang mga serbisyong lokasyon, kabilang ngunit hindi limitado sa mga serbisyong nabigasyonal.

Paggamit ng GPS

Maaaring mahanap ang iyong lokasyon kapag maaliwalas ang kalangitan. Kung hindi mahanap ang iyong lokasyon pagkaraan ng ilang minuto, lumipat sa isa pang lokasyon. Upang matulungan ang paghahanap, tumayo lamang at huwag harangan ang antenna ng GPS, na nakalagay sa tuktok na kanang bahagi ng iyong telepono.

- ! Ilan sa mga feature ng GPS ay gumagamit ng Internet. Maaaring ipataw ang mga bayarin sa data at mga singilin.



Mga paborito

Maaari mong i-save ang impormasyon sa posisyon ng iyong mga paboritong lugar. Maaari mo ring ikategorya ang iyong mga paboritong lugar, magdagdag ng mga impormasyon gaya ng web address at numero ng telepono sa mga ito, o ipadala ang mga ito sa mga tugmang aparato.

Upang magdagdag ng bagong lugar sa iyong listagan ng mga paborito

- 1 Piliin ang **Menu > Sribisyo sa loksyn. > Lokasyon > Mga Paborito.**
- 2 Piliin **Opsiyon > Bagong lokasyon** at pumili ng opsiyon:
 - **Ksalukuyan posisyon** – hanapin ang iyong kasalukuyang posisyon at idagdag ito sa iyong mga paborito.
 - **Manwal na ipasok** – ipasok ang heograpikal na mga coordinate at iba pang impormasyon tungkol sa paboritong lugar.

Upang ikategorya mga paborito

